



Fannie Mae®

Naka-personalize na tulong para sa mga homeowner at nagrerenta na naapektuhan ng mga wildfire sa California

Nakatuon ang Fannie Mae sa pagtulong sa mga homeowner, nagrerenta, at komunidad na apektado ng mga kamakailang wildfire. Kung naapektuhan ang inyong bahay at pinagtatrabahuhan, matutulungan namin kayong harapin ang mahirap na proseso ng pagbangon sa pamamagitan ng pagpapayo kung paano makakabangon sa sakuna sa 855-HERE2HELP (855-437-3243).

Ang mga serbisyo ng Fannie Mae sa pagpapayo kung paano makakabangon sa sakuna ay nag-aalok ng libreng suporta mula sa mga tagapayo sa pabahay na aprubado ng HUD, kabilang ang mga sumusunod:

- Isang naka-personalize na pagtatasa sa pagbangon at plano ng pagkilos
- Tulong para makaluwag sa utang kabilang ang mga bill, credit card, at bayad sa mortgage o renta
- Tulong sa mga claim at pagtanggap (hal., FEMA, insurance, at Small Business Administration)
- Mga online na forum, tool, at pang-edukasyong resource tungkol sa pagbangon mula sa sakuna
- Mga tuloy-tuloy na pangungumusta para matiyak ang isang matagumpay na pagbangon

Available ang mga serbisyo sa Ingles, Spanish, at iba pang wika



TUMAWAG SA 855-HERE2HELP

(855-437-3243)

O bisitahin ang [FannieMae.com/HERE2HELP](https://www.FannieMae.com/HERE2HELP)

Iba pang resource

Puwede ring makatanggap ng tulong ang mga taong apektado ng sakuna mula sa:

- U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD): www.hud.gov
- Federal Emergency Management Agency (FEMA): www.disasterassistance.gov
- American Red Cross: **1-800-733-2767**

BABALA: Umiwas sa mga scam

Nag-aalok ang mga scam artist ng mapanlokong tulong sa mga apektado ng mga sakuna. Palaging kumpirmahin kung lehitimo ang mga alok, huwag magpapilit na “kumilos agad,” at tandaan, LIBRE ang tulong sa mortgage.